Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
**DIVISION OF BAGUIO CITY**
#82 Military Cut-off Road, Baguio City

PANDIBISYONG MEMORANDUM
Blg.304,s. 2018

Agosto 3, 2018

**MGA PATIMPALAK KAUGNAYSA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

Para sa :Pandistritong Tagamasid ng Pampublikong Paaralan
Pinuno/Punong-Guro ng Pribado at Pampublikong Paaralan
Guro sa Filipino

1. Bilang pagtalima sa itinakda na Pampangulong Proklamasyon Blg. 1041 s. 1997 na nagpapapahayag ng taunang pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa tuwing Agosto 1-31 ang Dibisyon ng Baguio ay magsasagawa ng iba't ibang patimpalak kaugnay sa nabanggit na pagdiriwang na may paksang **Filipino: Wika ng Saliksik sa Agosto 31, 2018, simula ika-8:00 ng umaga hanggang ika - 12:00 ng Tanghali sa silid-aklatan ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Lungsod ng Baguio**.

2. Ang layuni ng pagdiriwang ay ang mga sumusunod:
   a. ganap na maipatupad ang Pampanguluhang Proklamasyon Blg. 1041,
   b. mahikayat ang iba't ibang ahensiyang pampamahalaan at pampribado na makiisa sa mga programang tuladnito na nagpapataas ng kamalayang pangwika at sibiko; at
   c. maganyak ang mga mamamayang Filipino na pahalagahan ang wikang pambansa sa pamamamgitan ng aktibong pakikilahok sa mga Gawain kaugnay ng Buwan ng Wikang Pambansa.

3. Ang mga patimpalak ay ang mga sumusunod:
   Kategorya A. Elementarya:
   a. Isahang Awit sa Mother tongue – Baitang 1 (Kankanaey, Ibaloi, Ilokano, Iloko, Hiligaynon, Filipino, English, Kapampangan atbp.)
   b. Masining na pagkukuwento-Baitang 4
   c. Ispeling – Baitang 6
   
   Kategorya B. Junior High School
   a. Interpretatibong Pagbasa Baitang 7,8,9 at 10 (isa sa bawat baitang may kabuuang 4 na kalahok bawat distrito)
   b. Photo Essay - Baitang 9
   
   Kategorya C. Senior High School
   a. Dagliang Talumpati –Grade 11
   b. Pagsulat ng Dagli- Grade 12
   
   Kategorya D. Para sa mga Kawani ng Dibisyon ng Baguio
   Pinakamahusay Magsuot ng Damit Filipiniana ( Inaanyayahan ang lahat ng kawani sa Dibisyon ng Baguio na sa Agosto 13, 2018 ay papasok sa kanilang tanggapan na naka Kasuotang Filipiniana)

4. Kalakip ng memorandum na ito ang mga tuntunin at panukatan sa mga nasabing patimpalak.

5. Ang mananalo ng unang gantimpala sa patimpalak pandistrito ang siyang kakatawan sa kanilang distrito sa pandibisyong Paligsahan. Hinihikayat ang lahat na aktibong makibahagi at makiisa sa mga itinakdang gawain bilang pagbibigay pugay sa pagdiriwang ng Buwan ng Wikang Pambansa.

6. Hinihiling ang daglian at malawakang pagpapalaganap ng memorandum na ito.

**FEDERICO P. MARTIN,EdD.CEdD. , CESO V**
Tagapamanihala ng mga Paaralang Pansangay

Republic of the Philippines
Department of Education
Cordillera Administrative Region
**DIVISION OF BAGUIO CITY**
#82 Military Cut-off Road, Baguio City

**Enklosyur blg. 1 sa Dibisyon Memo blg. 304, s.2018**

**MGA PATIMPALAK KAUGNAY SA PAGDIRIWANG NG BUWAN NG WIKANG PAMBANSA**

**KATEGORYA A - ELEMENARYA**

A. **Isahang Awit sa mother Tongue:**
   1. Ang kalahok ay magmumula sa Baitang 1
   2. Maaaring ito ay halaw sa nagawang awit o sariling kathang nilapatan ng sariling himig. Ang midyum ay ang mother tongue ng batang kalahok (Kankanaey, Ibaloi, Tagalog, Ilokano, Iloko, Sugbuanon, Hiligaynon, Cebuano,kapampangan at iba pa.)
   3. May nakalaan na minimum na dalawang minuto at maksimum na apat na minuto sa pag-awit. Hindi kasama ang pagpasok at paglabas ng entablado.

**KRAYTIRYA:**

a. Kalidad ng boses ---------- 35%
b. Musikalidad ---------- 30%
   b.1. diksyon ---------- 10%
   b.2. interpretasyon ---------- 10%
   b.3. intonasyon ---------- 10%
c. Hikayat sa madla ---------- 10%
d. Pagkakasaulo ---------- <u>25%</u>

**KABUUAN ---------- 100%**

B. **Masining na Pagkukuwento:**
   1. Ang Kalahok ay nararapat na mag-aaral sa baitang 4.
   2. Ang pagkukuwento ay tatagal lamang ng apat (4) na minuto
   3. Ang kwento ay hango sa mga aklat ng kwentong pambata.
   4. Ang kasuota ng kalahok ay pampaaralang uniporme, walang anumang props sa entablado at tanging ang piyesa lamang ang hawak.

   **KRAYTIRYA:**

   a. Pagpili ng kwento ---------- 10%
   b. Pagsasalita ---------- 25%
      b.1. Uri ng tinig ---------- 10%
      b.2. Tono/Bigkas/Diin/Tono/hinto ---------- 15%
   c. Pagbibigay ng kahulugn/interpretasyonat paraan ng pagkukuwento- - 50%
      interaktibo,kaswal,relaks at konbersasyonal
   d.Personalidad/Kakayahan sa Pagkukwento ---------- <u>15%</u>

**KABUUAN ---------- 100%**

C. **Ispeling:**
   1. Ang kalahok ay nararapat na mag-aaral sa Baitang 6

**KATEGORYA B- JUNIOR HIGH SCHOOL**

A. **Interpretatibong Pagbasa:**
   1. Mga mag-aaral sa Junior High School na binubuo ng pangkat na may apat (4) na kasapi, isang grade 7, isang grade 8, isang grade 9 at isang grade 10 ( ang hindi makatutugon ay awtomatikong diskualipayd)
   2. Ang piyesa ay ibibigay sa araw ng paligsahan
   3. Isang piyesa lamang ang gagamitin para sa pagbibigay-interpretasyon ng bawat kalhok.
   4. Bibigyan ng sampung minute ang mga mag-aaral para pag-aralan ang piyesa.
   5. Malaya ang mga kalhok na baguhin ang pagkakasunod-sunod ng babasahing mga akda
   6. Ang kasotan ng mga kalhok ay pantalong maong at putting t-shirt.

a.1 Pagpapalutang ng diwa--------------------20%
a.2. Pagbibigay diin sa damdamin ----------- 20%

b. Hikayat-------------------------------------------------------------------- 20%
b.1. Pang-akit sa madla ----------------------- 5%
bh.2. Pagbibigay buhay sa tauhan --------- 5%
B.3. Tindig ------------------------------------- 5%
b.4. Kumpas galaw------------------------------ 5%

c. Bigkas -------------------------------------------------------------------- 20%
c.1. Matatas at maliwanag
c.2. Tamang pagbubukod-bukod ng mga salita-----5%
c.3. May wastong diin at intonasyon ----------------5%

d. Tinig -------------------------------------------------------------------- 20%

**KABUUAN ---------------------------------------------------------------------- 100%**

**B. Malikhaing Pagsulat ng Photo Essay**

1. Bukas ang paligsahansa mga mag-aaral ng baitang 9.
2. Ibibigay sa araw ng paligsahan ang larawan ng photo essay at ang malikhaing pagsulat nito ay tatagal ng dalawang oras.
2. Ang Photo essay ay bubuuin ng limang daang (500) salita.

**KRAYTIRYA:**

a. Orihinalidad ---------------------------------------------------------------- 40%
b. Organisasyon -------------------------------------------------------------- 35%
   - May kaangkupan ang nilalaman sa larawan
   - May kawili-wiling bahagi ng gitna at wakas.
   - May kaakibat na malikhaing istilo ng pagsulat.
c. Mekaniks -------------------------------------------------------------------- 25%
   - Gumamit ng wastong bantas
   - Gumamit ng wasto at angkop na mga salita
   - Gumamit ng iba't ibang element ng ng isang malikhaing pagsulat (simbolismo,tayutay, idyomatikong pahayag atbp.)

**KABUUAN ------------------------------------------------------------------ 100%**

**KATEGORYA C-SENIOR HIGH SCHOOL**

**A. Dagliang Talumpati**

1. Ang kalahok ay mula sa Senior High school Grade 11.
2. Ang paksa ay ibibigay sa takdang oras ng paligsahan.
3. Bawt kalahok ay mayb tatlong (3) minutong paghahanda kaugnay sa paksa at dalawa (2) hanggang tatlong (3) minutong pagtatalumpati.
4. May kabawasang puntos sa kabuuan iskor nsa labis o kulang sa itinakdang oras ng pagtatalumpati.
   - 1-30 segundo bawas ng .5 puntos
   - 31-60 segundo bawas ng 1 puntos
   - 61 segundo pataas bawas ng 2 puntos

**KRAYTIRYA:**

a. Katapatan ------------------------------------------------------------------------ 35%
   - Kaugnay sa paksa --------------------20%
   - Pagbibigay diin o damdamin ------ 15%
b. Hikayat ------------------------------------------------------------------------------ 25%
   - Dating sa madla---------------------- 5%
   - Kakanyahan pantanghalan -------- 5%
   - Kilos,galaw at kumpas ------------- 10%
   - Ekspresyon ng mukha--------------- 5%
c. Tinig------------------------------------------------------------------------------------ 20%
   - Lakas---------------------------------- 5%
   - Taginting ------------------------------ 5%
   - Kaangkupan ng diwa at damdamin---10%
d. Bigkas ------------------------------------------------------------------------------ 20%
   - Matatas at maliwanag -----------10%
   - Wastong pagbubukod ng salita---5%
   - Diin/Himig ------------------------- 5%

**KABUUAN -------------------------------------------------------------------------------- 100%**

- Ekspresyon ng mukha---------------- 5%

c. Tinig---------------------------------------------------------------------------------- 20%
- Lakas------------------------------------ 5%
- Tagínting ----------------------------- 5%
- Kaangkupan ng diwa at damdamin---10%

d. Bigkas ------------------------------------------------------------------------------- 20%
- Matatas at maliwanag ------------10%
- Wastong pagbubukod ng salita---5%
- Diin/Himig --------------------------- 5%

**KABUUAN ------------------------------------------------------------------------------------- 100%**

**B. Pagsulat ng Dagli**

1. Ang kalahok ay mula sa baitang 12.
2. Ang tema ay ibibigay sa araw ng paligsahan.
3. Angpagsulat ay tatagal lamang ng isang oras, hindi kukulangin sa isang daang salita (100) at hindi hiihgit sa isang daan at limampu (150) ngunit buo ang kwento may simula, tunggalian, kasukdulan at wakas.

a. Orihinalidad --------------------------------------------------------------------- 40%

b. Organisasyon _------------------------------------------------------------------ 35%

c. Mekaniks ---------------------------------------------------------------------------- 25%
- Wastong bantas
- Angkop na salita
- Elemento ng isang malikhaing akda.

**KABUUAN ------------------------------------------------------------------------------------- 100%**